INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

****

WIKANG FILIPINO, SALAMIN NG MAYAMANG KULTURA

ni: NERISSA NABANALAN-BEHHAY

Wikang Filipino, yamang taglay ng kultura
Tunay ngang salamin na dapat ibandila
Kultura at wika, ambag ay pagkakaisa
dapat natin itong bigyang pagpapahalaga.

Wikang Filipino, tunay ngang ikaw ang salamin
Sa lahat ng Pilipinong may damdamin
Pinagbubuklod-buklod mga kulturang pamana sa'tin
Kaya, taas noo nating pagyamanin.

Dakilang wika, sinag mo'y sagisag ng pag-asa
Kasaysayan at literatura iyong pinagsama
katuwang nito'y gunita na di mabura-bura
mga pamanang iniwan ng mga ninunong pinagpala.

Dahil sa pagmamahal, mga iniwang awit at tula,
Kwentong bayan, alamat at iba pa
Mga aral nito'y malaking tulong sa mga bata
Sapagkat sila ang pag-asa ng ating bansa.

****

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

****

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Laking pasasalamat sa mga bayaning pumanaw na

Sapagkat nakaukit sa puso't isipan ang mga alaala

Kaya't di mawawala mga panahong ginugunita

Tanda ng pasasalamat sa mga mabubuting gawa.

Ating ipagmalaki, wikang kinalakihan

Salamin ng mayamang kulturang kinagisnan

Ating ipakilala sa buong sanlibutan

Ang tunay na kahalagahan nang may katapatan.

Halina't sama-sama kapit bisig sa pagkakaisa

Wikang Filipino, salaming-yaman ng kultura

Interpretasyon ay dapat makilala

Upang tunay na kalayaan, tagumpay ang matamasa.

Buong pusong pasasalamat sa Amang Lumikha

Sapagkat lahat ng bagay sa Kanya nagmula

Na dapat nating pagyamanin nang may saya

Pinagsamang kultura't wika, kaloob Niya'y biyaya.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza